

ARALING PANLIPUNAN 6

3RD SUMMATIVE TEST

1ST QUARTER

Name: _____

Punan ang bawat patlang ng angkop na salita o parirala mula sa mga salita na nasa loob ng kahon upang mabuo ang mahahalagang impormasyon.

1. Ang lugar ng Malolos ay matatagpuan sa lalawigan ng _____.
2. Ang Saligang Batas ng Malolos ay nagtadhana ng isang pamahalaang _____.
3. Ang kapangyarihan ng Tagapagpaganap ay nasa pangulo ng Republika ng Pilipinas sa tulong ng kanyang mga _____.
4. Ang 85 mamamayan na kinatawan ng Kongreso ng Malolos ay nabibilang sa may mataas na pinag-aralan, maykaya sa buhay at _____.
5. Ang isang sangay ng pamahalaan ay ang Tagapagbatas na tinatawag ding _____.

lehislatisbo
Bulacan

matalino
Laguna

demokratiko
gabinete

Basahin at unawain ang bawat pahayag. Isulat ang TAMA kung wasto ang ipinahahayag nito at MALI kung hindi.

- _____ 6. Sa pagnanais ng mga Pilipino na maging malaya, minarapat nilang tumawag ng kongresong bubuuin ng mga kinatawang halal ng mga bansa.
- _____ 7. Ang mga kinatawan ay nagpulong sa Simbahan ng Barasoain sa Malolos, Bulacan.
- _____ 8. Pinasinayaan ang unang Republika at si Emilio Aguinaldo ang nahalal na pangalawang pangulo nito.
- _____ 9. Ang itinatag na republika ay binubuo ng tatlong sangay: tagapagpaganap, tagapagbatas at ehekutibo.
- _____ 10. Ang Kongreso na pinanguluhan ni Pedro Paterno ay may dalawang halal na kalihim.

Bilugan ang titik ng wastong sagot.

11. Kailan pinasinayaan ang Kongreso ng Malolos?
- a. Setyembre 15, 1988
 - b. Setyembre 15, 1898
 - c. Setyembre 15, 1889
 - d. Setyembre 15, 1888
12. Ang Kongreso ng Malolos ay binuo ng ilang mga mamamayan mula sa iba't-ibang kinatawan?
- a. 93 na mamamayan

- b. 75 na mamamayan
- c. 85 na mamamayan
- d. 65 na mamamayan

13. Sino ang nahalal na unang pangulo ng Republika ng Pilipinas?

- a. Emilio Aguinaldo
- b. Emilio Jacinto
- c. Andres Bonifacio
- d. Miguel Malvar

14. Kailan pinasinayaan ang Unang Republika ng Pilipinas?

- a. Enero 20, 1899
- b. Enero 21, 1899
- c. Enero 22, 1899
- d. Enero 23, 1899

15. Alin sa mga sumusunod ang hindi naging sangay ng Unang Republika ng Pilipinas?

- a. Tagapagpaganap
- b. Hudikatura
- c. Pangalawang Pangulo
- d. Tagapagbatas

Basahin at unawain ang sumusunod na pangungusap. Tukuyin ang ipinahahayag ng bawat isa sa pamamagitan ng pagsulat sa patlang ng wastong sagot.

_____ 16. Ang mga Moro sa Mindanao at Sulu ay nanahimik at nagmasid lamang upang hindi masangkot sa digmaan. Nakipagkasundo sa mga Amerikano ang Sultan ng Jolo at lumagda ng isang kasunduan na tinatawag na _____. Ngunit ng masakop ng Amerika ang Luzon sinunod na nilang sakupin ang Mindanao.

_____ 17. Ito ay naganap noong Pebrero 4, 1899 sa ganap na 8:00 ng hapon, sumiklab ang digmaan sa pagitan ng Amerika at Pilipinas nang paputukan ni Pvt. William Walter Grayson, isang Nebraska volunteer ang tatlong Pilipino. Pasimula sa pangyayaring ito maraming Pilipino na ng nagbuwis ng buhay.

_____ 18. Ito ay naganap noong Oktubre 1901 hanggang Enero 1902. Kung saan mahigit 15,000 mamamayan ng Samar ang walang awang pinatay kasama ang mga kababaihan sa nilaspangan ng mga Amerikano.

_____ 19. Ito ay naganap noong Marso 31, 1899, kung saan umurong ang sandatahan ni Aguinaldo at naiwan ang mga salapi kasama ng mga dokumento.

_____ 20. Noong Disyembre 2, 1899 ay nagkaroon ng mahigpit na labanan sa pagitan ng mga Pilipino at Amerikano na nagging dahilan ng pagkamatay ni Heneral Gregorio del Pilar. Ang labanan na ito ay tinatawag na _____.

